


Gob. Edgardo A. Tallado

113TH PHILIPPINE CIVIL SERVICE ANNIVERSARY
**TATAK LINGKOD BAYANI**
ISABUHAY, IPAGMALAKI, AT IPAGBUNYI

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

## Nasa Loob

Elevado NG Daet nominadong RDC co-Chairman p2
Rural electrification projects, nagpapatuloy p2
Refund para sa mga kasapi sisimulan nang ibigay ng CANORECO p2
Pagsasanay para sa LGU website nagsimula na p2
Family Code of Camarines Norte babalangkasin p3
Maternal Child Care may karagdagang pondo p3
Implanon ibinigay ng libre p3
Mensahe sa Palarong Panlalawigan ni Gob. Edgardo A. Tallado p4
"Si Bintao ay mangunguna sa million people march" p4
Mga piling larawan p5
3 scholars electrical engineer na p6
Awit ng pag-asa nabuo sa kulungan p6
2 kasapi ng 4-H club may tsansa sa Japan p6
Malaking kita sa Lapu-Lapu, inaasahan p7
1,545 punong pantanim naipamagi ng PGCN-ENRO p7
Sistemang Palay Check pinalalawak sa Cam-Norte p7

# Japan embassy officials bumisita sa cable landing station



**CAMNORTE, GATEWAY TO INTERNAT'L. CONNECTIVITY**—Ang pagdating ni Toshinao Urabe, Japan Ambassador to the Philippines kasama ang iba pang Japanese Officials sa kanilang pagbisita sa ASE Landing Station sa Bagasabas, Daet, noong Setyembre 26, 2013. Sinalubong sila sa Daet Airport ni Gob. Edgardo A. Tallado at Mayor Tito Sarion




Asia Submarine Cable Express -pinakauna at nag-iisang direct cable mula sa Pilipinas hanggang Japan

Si Kagalang-galang Toshinao Urabe, Japan Ambassador to the Philippines kasama si Embassy of Japan First Secretary Kazuto Okazaki ay bumisita noong Setyembre 26, 2013 sa Asia Submarine Cable Express (ASE) landing station na nasa Brgy. Bagasbas, Daet

Ang Daet cable landing station ang magsisilbing gateway ng may 7,200 kilometrong ASE na nagkokonekta sa Singapore, Malaysia, Philippines, Hong Kong, at Japan.

Ang may 300 milyong dolyar na ASE ay pagmamay-ari ng PLDT kasama ang NTTCom of Japan, Telekom Malaysia, at StarHub ng Singapore. Itinayo ito sa pakikipagtulungan sa NEC Corp. at Fujitsu Ltd.

"Ang PLDT, sa pamamagitan ng international cable system na ito, ay mas mapapalago ang broadband internet at international data connectivity gayundin ang pagpahusay sa global competitiveness ng ating bansa na makaakit ng pamumunuhunan mula sa mga BPOs at iba pang multinational companies," pahayag ni PLDT President and CEO Napoleon L. Nazareno na sinamahan ang Embassy of Japan officials sa pagpunta sa Daet.

Pinangunahan nina Gob. Edgardo A. Tallado at Daet Mayor Tito S. Sarion ang pagsalubong sa mga Japanese embassy officials na sinamahan din nila sa paglilibot sa ASE landing station facilities.

Ang ASE ang pinakauna at nag-iisang direct cable mula sa Pilipinas hanggang Japan na bumabagtas sa calamity-prone Bashi Channel ng Taiwan, nagbigay-daan ito sa shortest latency o pinakamaikling delay sa communication system at pinakakonting points of failure sa Japan.

Ito ang kauna-unahang Philippine cable na gagamit ng 40 GBPS technology na pwedeng itaas sa 100 GBPS.

Dahil sa ASE, tatlong landing stations na ang pinatatakbo ng PLDT sa bansa, ang pinakamarami sa alinmang telcos o telecommunication companies sa Pilipinas.

Ang dalawa pang landing stations nito ay matatagpuan sa Nasugbu, Batangas at

*(Sundan sa pahina 2)*

# Daet Airport, tinalakay sa Reg'l. Dev't. Council

Sisimulan na ang feasibility study sa panukalang rehabilitasyon ng Daet Airport dito sa Camarines Norte matapos pagtibayin ng Bicol Regional Development Council ang isang resolusyon ukol dito.

Isinumite ni Gob. Edgardo A. Tallado sa nakaraang 3rd quarter meeting ng RDC noong Setyembre sa Legazpi City ang nasabing panukalang proyekto sa pamamagitan ng isang resolusyon ng Provincial Development Council of Camarines Norte na kanyang pinamumunuan.

Ipinabatid sa RDC ang kahalagahan ng Daet Airport na isa sa pangunahing infrastructure support na kailangan para sa tuloy-tuloy na pag-angat ng turismo sa Camarines Norte gayundin sa rehiyong bikol.

Gugugol ng may P100 milyon para proyektong ito na kinapapalooban ng pagpapalawak ng runway, pagtatayo ng perimeter fence, paglalagay ng mga ilaw, pagtatayo ng isang modernong control tower with air navigation equipment and radar system.

Sa matagal na panahon ay hindi napapakinabangan ang paliparan ng Daet na ang kategorya ay one feeder airport at pwede lamang sa light aircraft na mataas ang halaga ng transportasyon. Sa isasagawang pag-aaral para sa pagbubukas muli ng paliparan, layunin din na magkaroon ng byaheng ligtas at abot-kayang pamasahe at kumikitang hanapbuhay para sa mga aircraft companies.

Matatagpuan ang Daet Airport sa Bagasbas na isa sa pangunahing destinasyon ng turismo sa Camarines Norte. Dinadayo ang Bagasbas beach na regular nang pinagdadausan ng international surfing and kite boarding. Kasakuluyan ding tinatapos dito ang proyektong Cory Aquino Boulevard na isang malaking tourism infrastructure project at tiyak na dadayuhin ito ng mga turista mula sa ibat-ibang panig ng Pilipinas at iba pang bansa.

*(Sundan sa pahina 6)*

# Rural electrification projects, nagpapatuloy

Kasalukuyan ng ipinapatupad sa Sitio Pulong Kristo at Purok 2, na parehong sa Barangay Sta. Elena, Talisay ang paglalagay ng poste ng ilaw sa ilalim ng rural electrification project sa lalawigan ng Camarines Norte sa pagtutulungan ng Pamahalaang Panlalawigan at ng Camarines Norte Electric Cooperative (CANORECO).

Samantala nitong nakaraang buwan ng Agosto ay isinagawa sa Barangay Masalong, **Labo** ang isang orientation meeting ukol sa proyektong elektripikasyon sa dalawang purok doon: Purok 5 at Purok 2 – Sitio Panaligan.

Dumalo doon si G. Nico Velas mula sa Barangay Affairs- Office of the Governor at kanyang ipinabatid sa mga mamamayan doon ang prosesong ginawa ng Tanggapan ng gobernador para maidulog sa National Electrification Administration ng (NEA) ang pagpapailaw sa kanilang mga purok at ng iba pang mga sitio at purok sa Camarines Norte na wala pang kuryente.

Mula sa liham tugon ni Edita S. Bueno, Administrator ng NEA, ipinabatid niya kay Gob. Edgardo A. Tallado, na ang kahilingan ng gobernador ay inendorso ng DBM sa NEA.

Sa listahan na isinumite ng gobernador, 44 ang nakabilang sa Sitio Electrification Program (SEP) Masterlist for CY 2013 at 17 ang kabilang naman Sitio Electification Program (SEP) Masterlist for CY 2014.

Sa 44 na sitio/purok na nakaprograma ngayong taon, halos lahat ay mayroon ng abstract of Quotation.

Samantala, may 19 na sitio/purok ang kasama sa kahilingan ng gobernador na mapailawan na ayon NEA wala sa kanilang database kung kaya hinihiling ang mga kaukulang dokumento bilang patunay na mayroon ngang ganoong sitio o purok.

Nakikipag-ugnayan na rin si G. Velas sa mga kapitan ng mga barangay ukol dito.

Ang mga sitio at purok na wala pang kuryente ay maaaring makipag-ugnayan kay G. Velas. ***JCalimlim***

# Pagsasanay para sa LGU website nagsimula na

Isa ang Camarines Norte sa iilang local government units (LGUs) na mayroon ng sariling website gayunpaman nakiisa ito sa serye ng mga pagsasanay na isinasagawa ng Department of the Interior and Local Government (DILG).

Isinagawa noong Setyembre 16-18 ang *Training on Online Content Writing* at noong Setyembre 19-20 ang *Training on Photography and Videography for the Web.*

Nauna munang isinagawa ang *Orientation on Website Planning* noong Hulyo 29-30, 2013.

Sa mga nasabing pagsasanay ay dumalo ang ilang kawani ng Community Affairs Office (CAO) na siyang nangangasiwa ng Communications and Information Technology Program ng Provincial Government of Camarines Norte (PGCN).

Sa Nobyembre ay nakatakda *na* rin ang huli sa serye ng pagsasanay na ukol naman sa Website Development. Hindi na dito magpapadala ng kinatawan ang CAO sa dahilang may sarili na itong website.

Ang camarinesnorte.gov.ph ay mahigit isang taon ng aktibo sa online o internet kung kaya bago pa man ang mandato ng DILG na magkaroon ng website ang bawat LGU ay nauna na ang PGCN.

Si G. Wilson Porcincula, Computer Programmer ng PGCN ang nagdisenyo at namamahala ng nasabing website kung saan regular na makikita dito ang anunsiyo ng bidding ng mga proyekto at mga natapos ng proyekto. Ang mga balita, at ang diyaryong ito at iba pang mahahalagang impormasyon ay makikita din sa camarinesnorte.gov.ph.

Ang tanging gagawin na lamang para sa website ng Camarines Norte ay pagandahin at dagdagan pa ang mga impormasyon at maikonekta ito sa Government Web Hosting Service (GWHS) kapag ito ay sinimulan na.

Sa mensahe ni DILG Regional Director G. Blandino M. Maceda, CESO III ang kahalagahan ng mga serye ng pagsasanay na isinasagawa ng kanilang departamento katuwang ang AMA Computer College para sa pagsasanay sa rehiyong bikol.

Ipinabatid niya na ito ay pagtalima ng rehiyong bikol sa GWHS susog sa Administrative Order No. 39,S, 2013 ng Pangulo ng Pilipinas, na nagsasaad na *Mandating all Government Agencies to Migrate to the GWHS of the Department of Science and Technology-Information and Communications Technology Office (DOST-ICTO).*

Ipinag-uutos ng AO 39 ang pagtatag ng GWHS para mailagay ang mga websites ng lahat ng *national government agencies, government financial institutions, government owned or controlled corporation pati na* ang mga *Constitutional Bodies, LGUs a*t iba pang *autonomous branches* ng gobyerno.

Samantala, ang CAO ay ilulunsad naman sa 2014 ang PGCN Network Architecture o local area network ng mga opisina sa kapitolyo. ***Jing A. Calimlim***



CANORECO

BALITA

September 18, 2013

**REFUND PARA SA MGA KASAPI SISIMULAN NANG IBIGAY NG CANORECO**

Makakatanggap na ng refund sa power bills ang lahat na mga konsumidores ng CANORECO. Ito ay base sa ERC Resolution No. 16 series of 2009 as amended by Resolution No. 21 series of 2010 na may titulong **"over/under recoveries based on the formulae on the various automatic cost adjustments and true-up mechanisms".**

Matatandaan na nagfile ang Canoreco sa ERC noong May 30, 2011 ng aplikasyon para sa pag-abroba ng nasabing Over/Under Recovery, at noong August 12, 2013 ay lumabas na ang desisyon base sa ERC Case No. 2011-027 CF.

Ayon sa desisyon magre-refund ang Canoreco para sa mga sumusunod:

| Particulars | Number of Months | (Over)/Under Recoveries | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | In PhP | PhP/kwh | PhP/kw | Remarks |
| Generation | 88 | (12,744,817.21) | 0.0134 | | Refund |
| Transmission | 88 | (46,442,229.53) | | | |
| Residential | | | 0.0477 | | Refund |
| Low Voltage | | | 0.0510 | | Refund |
| Higher Voltage | | | | 14.8706 | Refund |
| System Loss | 88 | (34,036,111.37) | 0.0359 | | Refund |
| Inter Class Cross Subsidy | 40 | 1,425,918.10 | 0.0092 | | Recover |
| Lifeline Subsidy | 88 | 2,263,719.74 | 0.0024 | | Recover |

Ang computation na ito ay mula September, 2003 o mula nang simulan ang unbundling ng rate hanggang December, 2010. Sa kabuuan umabot sa PhP 89,533.520.27 ang ibabalik ng CANORECO sa mga kasapi konsumidores sa loob ng walumpu't walong buwan o mahigit pitong taon. Sisimulan ang refund sa mga darating na buwan pagkatapos maisaayos ang electronic billing system.

Para sa iba pang detalye at kaugnay na impormasyon makipag-ugnayan sa Office of the General Manager at Consumers Account Department.

**EFREN G. BELGADO**
ISD Manager

Approved for release:

**ENGR. HENRY I. SENDON**
OIC, General Manager



WEBMASTERS PLANNING: Si G. Wilson Porcincula (dulong kanan) sa kanyang pagdalo sa *Orientation on Website Planning* noong Hulyo 29-30, 2013 sa Tanchuling Hotel, Legazpi City bilang kinatawan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte. Kasama din niyang dumalo si G. Luigi Querubin at Estela Marie A. Villagen

# Japan embassy...

*(Mula sa pahina 1)*

Bauang, La Union.

Kasama ang nasabing bagong international submarine cable, ang PLDT Group ay mayroon na ngayong mahigit sa 71,000 kilometrong fiber assets.

"Mas pinasigla nito ang dati nang matatag nating network advantage dahil sa mas malawak na lugar na saklaw natin, karagdagang data speeds at paulit-ulit na pagpapaunlad ng sistema tungo sa mas mahusay na katatagan," sabi pa ni Nazareno. ("This fortifies our already formidable network advantage as we cover more areas, increased data speeds and provide enhanced redundancies for improved resiliency", Nazareno said.

Ang pagpapalawak ng PLDT's fiber optics network ay nagpapabilis sa paggamit ng PLDT's fiber-to-the-home (FTTH) service at sa fourth-generation mobile data service na Long Term Evolution (LTE) ng wireless subsidiary nito na Smart Communications. ***PLDT Press Release – Isinalin sa Filipino ni Lorena dela Torre-Ibasco***

# Elevado ng Daet nominadong RDC Co-Chair

Ikinatuwa ni Gob. Edgardo A. Tallado ang pagkakanomina kay Engr. Benigno "Benny" R. Elevado, Private Sector Representative (PSR) ng Camarines Norte sa Regional Development Council upang maging Co-Chairman ng nasabing konseho.

Si Elevado ay isa sa bagong napiling 13 private sectors representatives na kasamang bumubuo ng RDC. Mula sa mga kasapi ng RDC ay nanomina si G. Elevado at G. Jose M. Medina Jr., Pangulo ng Municipal Tourism Development Council ng Masbate upang maging co-chairman.

Umaasa ang gobernador na si G. Elevado ang mapipili ng Pangulong Noynoy Aquino. Ang Pangulo ng bansa ang pumipili ng chairman at co-chairman ng lahat ng RDC mula sa mga nominado sa kanya-kanyang rehiyon. Ang mga nominado ay iendorso ng RDC kalakip ang kanilang mga bio-data at kaukulang clearances mula sa kaukulang ahensiya ng gobyerno.

Ayon sa gobernador,



maganda ang kwalipikasyon ni Elevado. Maaasahan siya sa kanyang mahusay at malawak na karanasan sa pakikiisa sa mga gawaing pang-organisasyon at komunidad bilang isang pribadong indibidwal. Siya ay patuloy sa boluntaryong

*(Sundan sa pahina 6)*

# Maternal Child Care, may karagdagang pondo

Ipinagkaloob kamakailan ng Department of Health (DOH) sa Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang P 1,212,903.00 bilang performance based grant (pbg) o isang uri ng insentibo ng pagbibigay ng karagdagang pondo upang maipagpatuloy ang implementasyon ng Maternal, Newborn and Child Health and Nutrition (MNCHN) dito sa Camarines Norte.

Kaakibat ng pondong tinanggap ang pangunahing layunin ng programa na mapahusay ang kalusugan ng mga buntis (maternal health) at mapapababa ng 10% ang bilang ng mga sanggol na namamatay (infant mortality) sa pagtatapos ng taong 2013. Upang maabot ang naturang target, puspusan ang implementasyon nito na isinasagawa ng Provincial Health Office (PHO) sa pangunguna ni Acting Provincial Health Officer Dr. Myrna P. Rojas at Ms. Marilou E. dela Cruz, Midwife IV at siyang MNCHN Program Coordinator.

Ang malaking bahagi ng pondo ay gugugulin sa pagpapatupad ng Maternal, Newborn and Child Health and Nutrition sa 12 bayan ng lalawigan na padadaluyin (download) sa Inter-Local Health Zone 1 and 2. Ang provincial activities ukol sa maternal care; family planning; blood supply; nutrition program; health information and promotion at expended program on immunization ay patuloy ding isasagawa ng mga provincial program coordinators. Sila ay magsasagawa din ng program implementation review on MNHCN para matasa (assess) ang progreso ng implementasyon nito at makagawa ng mga hakbangin para mas mapahusay pa ang paghahatid ng serbisyo sa mga buntis at kanilang isisilang na sanggol.

Ang performance based grant ay ipinagkakaloob sa mga local government units (LGUs) kagaya ng Camarines Norte na nakapaghatid ng mahusay na Maternal, Newborn and Child Health and Nutrition services lalo na sa mga mahihirap. Dito sa Camarines Norte, nabawasan ang mortality rate ng namamatay na ina at sanggol sa panganganak dahil laganap na sa lalawigan ang mga lying-in at Basic Emergency Maternal and Obstetrical New Born Care facility (BEMONC) na pinondohan ng pamahalaang panlalawigan at ng Spanish Agency for International Development Corp.

Sa ilalim ng pamumuno ni Gob. Edgardo A. Tallado naipatupad ng pamahalaang panlalawigan noong nakaraang taon ang konstruksyon ng birthing home facilities sa Mambalite, Daet; sa Pambuhan, Mercedes at Brgy. Health Station sa Calaguas Island-Banocboc, Vinzons; Exciban, Labo; San Isidro, San Lorenzo Ruiz. Noong 2011 ay 11 LYING-IN/ BIRTHING/ BEMONC facility ang naisakatuparan o naisaayos sa mga sumusunod na bayan: BASUD (Poblacion II); DAET (Pamorangon); LABO (Tulay na Lupa); LABO (Bagong Silang); PARACALE, (Sto. Niño St.); SAN VICENTE (Poblacion, Silangan); MERCEDES Birthing Facility; VINZONS (Poblacion) - Improvement of Municipal Lying. *LORENA DELA TORRE-IBASCO/JING A. CALIMLIM*

# Implanon na isang magastos na family planning method, ibinigay ng libre

Nagsagawa ng libreng bilateral tubal ligation, non-scalpel vasectomy, IUD insertion at Implanon sa lalawigan noong Setyembre 23 -25, 2013 sa Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH) sa Labo District Hospital (LDH) noong Setyembre 26-27, 2013.

Pinangunahan ng mga doktor at narses mula sa Dr. Jose Fabella Memorial Hospital ang paghahatid ng naturang libreng birth control procedures/services sa ating mga kababayan.


Isa sa pinakabagong teknolohiya rito ay ang Implanon na ipinagkakaloob ng mga pribadong doktor sa halagang P35,000.00.

Sa Implanon, inilalagay o itinatanim sa balat ng braso ng babae ng isang single-rod subdermal contraceptive na may etonorgestal. Sa pamamagitan nito, tatlong (3) taong hindi magbubuntis ang kababaehan at di umano ay mas ligtas na paraan.

Ang nasabing gawain ay itinaguyod ng United Nations Fund for Population Assistance (UNFPA) para makapaghatid sa mga kababaehan - bata at may sapat na gulang man, ng mga abot-kamay na impormasyon at serbisyo ukol sa reproductive health, kasama na ang family planning at sexual health, para magabayan sila sa paggawa nang matalino at boluntaryong pagpili at pagdedesisyon.

Ang mandato ng UNFPA ay alinsunod sa Millennium Development Goals (MDGs) partikular na ang MDG 5 na naglalayong makapaghatid ng mas mahusay na maternal health services at makapagbigay ng universal access to reproductive health services and information.

Ang bisyon ng UNFPA ay isang mundo kung saan ang bawat pagbubuntis ay ginusto (wanted pregnancy); bawat panganganak ay ligtas, bawat kabataan ay ligtas sa HIV at AIDS, at bawat batang babae at may sapat na gulang ay tinatrato na may dignidad at respeto. LORENA DELA TORRE-IBASCO



IMPLANON

# Family Code of Camarines Norte babalangkasin, workshop isinagawa

Dumalo si Bise Gob. Jonah G. Pimentel kasama ang Sangguniang Panlalawigan (SP) sa 2-araw na Workshop on the Crafting of Family Code of Camarines Norte noong Setyembre 10-11 sa Regent Hotel, Naga City.

Ito ay kaugnay ng implementasyon dito ng 7th Country Programme of Assistance na isinusulong ng United Nations Population Fund (UNFPA).

Inaasahan na sa sandaling mabuo at mapagtibay ang naturang Family Code ay mapakikilos ang mga pamahalaang lokal para maghatid ng pantay-pantay at pinagsama-samang tulong at suporta sa matutukoy na underserved population lalo na ang mga kababaehan at nasa kasibulan ng edad/kabataan o adolescents.

Dumalo rin dito ang Provincial Technical Working Group (PTWG) na binubuo nina Acting Provincial Planning and Development Coordinator Elena B. Austria; Statistician IV Nimfa E. Camara, at Project Development Officer II Dina G. Baleza ng Provincial Planning and Development Office (PPDO); Acting Provincial Health Officer Dr. Myrna P. Rojas; Technical Division Head Dr. Victoria R. Guanio, at Provincial Family Planning Coordinator Marilou E. dela Cruz ng Provincial Health Office (PHO); Acting PSWD Officer Cynthia R. dela Cruz ng Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO); Dr. Jocelyn Iraola, Provincial Health Team Leader, Department of Health (DOH)-Camarines Norte, at Education Program Supervisor Francia Pabia ng Department of Education (DepEd). Makakasama rin dito ang 2 SP secretariat, 2 kinatawan mula sa UNFPA at 2 katao na magsisilbing facilitators/secretariat.

Ang daloy ng naturang workshop ay pinangasiwaan ni G. Cezario Magpayo, national coordinator ng Local Legislators League on Population, Health, Environment and Development Inc. (3 LPHED) katulong si Bb. Maida Ojeda. **LORENA DELA TORRE-IBASCO**

# 2 kasapi ng...

*(Mula sa pahina 6)*

opment Program (PFYDP) Coordinator ng pamahalaang panlalawigan.

Kamakailan ay nagdala ng karangalan sa Camarines Norte at rehiyong bikol ang 4 pang kasapi ng 4-H club sa Camarines Norte.

Sina Edson Mañago ng Poblacion, Basud; Nikko Roxas ng Talobatib, Labo, Rolly Balbaira ng San Nicolas, Talisay at Manuel Odi ng Napilihan Vinzons ay pawang nanalo sa pambansang patimpalak na isinagawa sa 61st Farm Youth (4-H) National Congress na idinaos noong Hunyo 11-13, 2013 sa The Legend Hotel, Puerto Princesa, Palawan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ jingcalimlim***

## Mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado sa Pagsisimula ng Palarong Panlalawigan Setyembre 26, 2013

Sa bawat taon, ang DepEd ay nagtatalaga ng ilang araw upang pansamantala ay iwanan ang mga gawaing pagtuturo at pag-aaral upang bigyan daan ang Isports. Ang pagsasagawa ng athletic meet sa matagal ng panahon mula provincial, regional and up to national ay isa nang institusyon. Bahagi at kultura na ito ng Edukasyon sa ating bansa.

Marahil sa mga mag-aaral na naririto ngayon, iilan lamang ang nakakaalam na ang dating tawag sa DepEd ay DECS na ang ibig sabihin ay *Department of Education, Culture and Sports.* Patunay na 3 mahahalagang gawain ang nakatalaga sa inyong Kagawaran noon pa man hanggang ngayon kahit hindi na nakakabit sa inyong katawagan ang salitang *culture and sports*.

Sa panahon natin ngayon na *widely embraced* ng mga kabataan ang *Information Technology* dahil sa malaking tulong sa kanilang pag-aaral at *social networking*, hindi nila namamalayan na binago din nito ang dating gawi ng kabataan. Napalitan ng mga *computer games* ang mga larong tulad ng patintero, agawan base, siato at iba pang laro na nagpapalakas ng ating katawan dahil gumagalaw ang mga bahagi ng katawan. Sa computer games, tanging kamay lamang ang may pwersa. Dahil sa mga challenging and exciting computer games, maraming kabataan ang nawawalan ng panahon sa physical fitness.

Nararapat lamang na ang mga ganitong gawain, ang palarong pagtitipon ay magpaala-ala sa atin ng kahalagahan ng *physical fitness* sa ating katawan sa pamamagitan ng isports.

Hindi lang ito upang magkaroon tayo ng magagaling na atleta na makakadayo sa Palarong Bikol hanggang Palarong Pambansa at makilala sa larangan ng Isports.

Mabuting paraan ito upang maging mahusay ang kondisyon ng ating isip para sa pag-aaral, pagtuturo at pamamahala.*"Sano corporesana",* ito ay salitang latin na ang ibig sabihin ay *"sound body sound mind".*

Kung lahat tayo ay malusog at matalino, magiging produktibo ang ating lipunan. Kaya patuloy tayong magtulungan at isulong ang kagalingan ng bawat isa lalo na ng kabataan.

Maayos ng natutugunan ang pangangailangan ng ating mga atleta sa Palarong Bikol at nangyari ito nang simulan ang ipinagkatiwala naming sa DepEd ang paggugol (disburse) ng SEF o Special Education Fund. Nabatid ko sa inyong SDS Arnulfo Balane na tanging ang pamahalaang panlalawigan lamang ng Camarines Norte ang gumawa niyan sa Bikol Region.

Regular din ang badyet sa bawat taon para sa cash incentive sa mga medallist sa Palarong Bikol at Pambansa. Maging sa Scholarship Program ay binigyang puwang ang gold medallist sa Palarong Pambansa. Siya ay Awtomatikong iskolar tulad ng valedictorian at salutatorian.

Sa susunod na taon, ang provincial government ay may mga bagong programa na pang-isports na makakatulong sa ating mga promising athletes.

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ay patuloy na kaisa ng DepEd. Hindi lang pang-edukayon, pang-isports pa.

Good luck sa lahat ng kalahok. Palakpakan naman para sa lahat ng namamahala sa gawaing ito. Mabuhay kayo. Mabuhay tayong lahat.

# "Si Bintao ay mangunguna sa million people march"



PAGGUNITA KAY BINTAO– Matapos mag-alay ng bulaklak sa paanan ng monumento ni Bintao noong Setyembre 28, 2013, nagpakuha ng larawan sina (mula sa kaliwa) *Acting Provl. Agriculturist* Francia Pajares, *Prov'l. Assessor* Anabel Defeo, *Provincial Human Resource Management Officer* Magdalena Toledana, panauhin na si Ledda Vinzons, Evangeline S. Habati ng *Civil Service Commission-Provl. Office*, Prov'l. Treasurer Lorna Coreses, *Acting PIO* Jing Calimlim, *Prov'l Acct.* Myrna Sendon, *Provl. Engr.* Cesar Paita at *Museum Curator* Abel Icatlo

"Kung buhay si Bintao,pangungunahan niya ang mga taga-Camarines Norte sa pagsali sa *Million March* bilang protesta sa *pork barrel scam*".

Bahagi ito ng mensahe ni Leda Vinzons sa isinagawang programa ng pamahalaang panlalawigan noong Setyembre 28, 2013 sa anibersaryo ng ika-103 taong kapanganakan ni Gat Wenceslao Q. Vinzons, Sr. na mas kilala sa tawag na 'Bintao'.

Si Ledda Vinzons ay manugang ni Ranie Vinzons- Gaite na anak ni Wenceslao Q. Vinzons.

Ang programa ay sinimulan ng 8:30 ng umaga sa isang Flag Raising Ceremony sa Provincial Capitol Grounds na pinangunahan ng hepe ng mga tanggapan ng kapitolyo at *national government agencies.*

Nagtapos ang okasyon sa pamamagitan ng pag-aalay ng pumpon ng mga bulaklak sa paanan ng monumento ni Bintao sa Kalayaan Park, Provincial Capitol Grounds.

Kaugnay pa rin ng paggunita kay Bintao, nagsagawa ng Charcoal Painting at Essay Writing Contests noong Setyembre 25, at Oratorical Contest noong Setyembre 27 na pawang pinangasiwaan ng Museum, Archives and Shrine Curation Division.

Sa loob ng isang lingo ay binigyan daan din sa Radyo ng Bayan ang pagbabalik tanaw sa kasaysayan ni Bintao.

Sa bayan ng Vinzons ay mayroon ding hiwalay na programang panggunita.

Ang taun-taong paggunita sa kapanganakan ni Bintao ay bilang pagbibigay-pugay sa kanyang kadakilaan at kabayanihan sa pagbuwis ng sariling buhay para ipaglaban ang kalayaan na hanggang ngayon ay tinatamasa natin.

Si Bintao na ipinanganak noong Setyembre 28, 1910 sa Sta. Cruz St., Indan (dating Tacboan, at ngayon ay bayan ng Vinzons), ang pinakamatanda sa limang anak nina Engracia Quinito at Gavino Vinzons. Ang pangalan niyang Wenceslao ay hango kay San Wenceslao na ang kapiyestahan ay sa mismong araw ng kanyang kapanganakan, Setyembre 28.

Nang sakupin ng puwersang Hapones ang Camarines Norte sa pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1941, itinatag at pinangunahan ni Bintao ang grupong gerilya sa Bikol. Dahil dito, pinaghanap siya ng mga sundalong Hapones at nadakip noong umaga ng ika-8 ng Hulyo 1942.

Kasunod nito, si Bintao, ang kanyang amang si Gavino at ang noo'y pinuno ng lalawigan na si Gobernador Basilio Bautista ay ipinarada habang binabagtas ang bayan ng Labo.

Si Bintao ay inutusan ng mga sundalong Hapones na ipahayag sa publiko ang pagsuko at pakikipag-ayos sa puwersang Hapones. Ngunit tumanggi siya kung kaya't sila ay dinala sa Daet at iniharap kay Noburo Tsuneoka, pinuno ng mga Hapon sa Daet. Iyon ang kahuli-hulihang pagkakataon na nakita silang buhay. Nalibing si Bintao na isang bayani – kung saan, walang nakaalam.

Samantala, si Bintao din ang naging pinakabatang miyembro ng 1935 Constitutional Convention.

Naging gobernador ng Camarines Norte sa edad na 30 taon, at pinarangalan bilang "Outstanding Young Man in Philippine Politics". LDTI/JAC


Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan, Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM
**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,
**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula
**PHOTOGRAPHER** :
Luigi Martin P. Querubin.
**CIRCULATION** :
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;

# Mga Piling Larawan





Inililibot ni PLDT Telecom Engineer Virgo Punzalan, (dulong kaliwa) sa mga pasilidad ng DCSL/PLDT sa Bagasbas Daet sina (simula kaliwa) Japan Ambassador ToshinaoUrabe, PLDT Pres. Napoleon L. Nazareno, Daet Mayor Tito Sarte Sarion, PLDT Executive Advisor Rudi Frey, and Governor Edgardo Tallado.



Si Gob. Edgardo A. Tallado sa kapistahan ng Nuestra Señora de Peñafrancia noong Set. 21.



Ang mga kawani ng Provincial Accounting Office sa pamumuno ni Gng. Myrna Sendon (left side of Gob. Tallado) sa kanilang pagtungo sa tanggapan ng gobernador hatid ang magandang balitang pagkakahirang sa kanila bilang isa sa Outstanding Accounting Offices ng bansa. Sila ay pinadadalo ni Gob. Tallado sa awarding ceremony sa Oct. 14 sa Bacolod City.







VINZONS DAY CELEBRATION—1. Si Ms. Ledda Vinzons ang panauhing tagapagsalita sa programang paggunita na idinaos sa Provincial Capitol Grounds 2. Ang PNP CamNorte sa



Ibinabahagi ni Vice Gov. Jonah G. Pimentel ang mga programang pangkalusugan kay Dr. William Wells ng US Aid Global Fund for Tuberculosis kasama ang Phil. Coalition Against TB na bumisita sa lalawigan kamakailan.



ONLINE WRITERS– Ang mga journalists ng kapitolyo sa kanilang pagdalo sa *Training Online Content Writing* noong Setyembre 16-18 sa Tanchuling Hotel, Legazpi City. Mula sa kaliwa: Lorena DT Ibasco, Jing A. Calimlim, Norjeen Abarca at Ivy C. Garcia.



Ibinabahagi ni Mac Jayson Diaz ang kanyang makulay na karanasan bilang dating mag-aaral sa kanyang kapwa mga scholars. Siya ay binigyang pagkilala at ang 2 pang dating scholars noong Sept. 24 kasabay ng distribution of check refund of scholars.

# 3 scholars,electrical engineer na



MAC JAYSON DIAZ



MA. LEAH B. JEREZ



JEFFREY I. GADIL

Binigyang-pagkilala ang 3 iskolar ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)* na sina Mac Jayson Diaz, Jeffrey I. Gadil at Ma. Leah B. Jerez na lisensyado ng mga *electrical engineers.*

Isinagawa ito sa *Distribution of Checks for Tuition Fee Reimbursement and Recognition for CNPGCEAP's Passers in the 2013 Licensure Examination* na ginanap noong Setyembre 24 ng hapon sa *Little Theater*, Provincial Capitol, Daet .

Nang magtapos sa *Camarines Norte State College (CNSC)* noong Abril 2013, agad silang nagrebyu at saka kumuha ng *2013 Electrical Engineer Licensure Examination* noong Setyembre 7-8, 2013 kung saan nakapasa sila. Matatandaan din na sila ay una nang sumailalim sa *2012 Master Electrician Licensure Examination* kung saan nakuha ni Diaz ang ika-9 na puwesto sa naturang pagsusulit.

Kaugnay nito, pinarangalan ni Gob. Edgardo A. Tallado sina Diaz, Gadil at Jerez sa pamamagitan ng pagbibigay ng sertipiko ng pagkilala. Sinabi ng butihing gobernador na natutuwa siya sapagkat maganda ang bunga ng kanyang paglalaan ng mas malaking pondo upang mas maraming mahihirap ngunit matatalinong kabataan ang matulungan na makapagtapos ng kolehiyo at maabot ang kani-kanilang pangarap sa buhay.

Matatandaan na sa pagtutulungan niya at ni dating Congresswoman Liwayway Vinzons-Chato, ngayong taon ay 500 kabataan ang nadagdag sa scholarship program ng pamahalaang panlalawigan.

Nakakuha sila ng karagdagang P5 milyong pondo mula sa *augmentation fund* ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III.

Sa *Executive Agenda* niya para sa kanyang 2013-2016 termino, inilahad niya na muli siyang maglalaan ng karagdagang pondo para sa *CNPGCEAP*. - *Lorena dela Torre Ibasco*

# Awit ng pag-asa nabuo sa kulungan



**Tungo sa Pagbabago– Sa loob ng provincial jail ay muling hinuhubog sa magandang pag-uugali ang mga nakakulong upang sa paglabas nila sa piitan ay maging maayos ang kanilang buhay at matanggap silang muli ng lipunan.**

Isang komposisyong awitin ang nabuo ng isang bilanggo sa Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ) at nagsisilbi ngayong theme song ng Therapeutic Community Modality Program (TCMP) na patuloy na isinasagawa sa provincial jail, ayon kay Acting Provincial Warden Reynaldo N. Pajarillo

Ang nagsilbing motibasyon at inspirasyon sa bilanggo upang makabuo ng isang awitin ay ang mga aral na natutunan niya sa TCMP. Ang naturang komposisyon ay nilapatan ng musika ni G. Ronald Dolor, isang pribadong indibidwal na kilala dito sa Camarines Norte sa larangan ng musika at siya ring boluntaryong tumulong sa pag-train sa CNPJ Choir.

Ang TCMP na binubuo ng 3 bahagi (phases): una ay ang Orientation Phase o Introduction to TCMP kung saan 26 na inmates ang kalahok; Ikalawa ay Core Treatment Phase na 15 detenido ang patuloy na kabahagi, at ang Ikatlo ay ang Integration Phase kung saan 9 na detenido ang kasali.

Pinakasentro ng aktibidad ay ang oryentasyon at talakayan ukol sa iba't-ibang aspeto ng buhay pang-ispiritwal, materyal at sosyal man. Itinuturo at ipinauunawa rito ang responsibilidad ng bawat isa na gawin ang tama at hindi ang sariling kagustuhan lamang.

*(Mula sa pahina 7)*

# 2 kasapi ng 4-H Club may tsansa sa Japan

Sina Jonathan Correa ng Hinampacan, Basud at Ariel Trojan Taniegra ng Calabagas, San Vicente na parehong kasapi ng 4-H Club ay kwalipikadong kumuha ng regional exam na isinagawa ng Department of Agriculture-National Agricultural and Fishery Council (DA-NAFC) noong Setyembre 10, ika-10 n.u,. sa Aljosh Café, ALDP Bldg., Diversion Road, Naga City.

Sina Correa at Taniegra ay nauna munang kumuha at nakapasa sa provincial exam and interview na isinagawa din ng DA-NAFC sa Office of the Provincial Agriculturist (OPAg).

Sakaling makapasa sa regional exam, silang dalawa ay pupunta sa Japan at sasailalim sa 45-60 araw na home-stay training ukol sa mga bagong teknolohiyang pansakahan.

Kung sakali, bago sila umalis ay dadalo sila sa 75 araw na pre-departure orientation course kung saan tuturuan sila ng pagbasa, pagsulat at pagsalita ng wikang Nippongo.

Ang mga alumni o una nang nakapagtapos ng 11-buwang pagsasanay sa Japan sa ilalim ng Young Filipino Farmers Training Program in Japan (YFFTPJ) na pinupunduhan ng DA-NAFC at Japan Agricultural Exchange Council (JAEC) ang mga magsasanay sa kanila.

Sa pagbalik sa bansa, ang mga iskolar ng YFFTPJ ay pahihiramin ng puhunan na P62,500.00 na gagamitin nila para sa kanilang proyektong pansakahan bukod pa sa responsibilidad nila na ituro sa mga kababayan nilang magsasaka ang mga makabagong kaalaman at teknolohiya na natutunan nila sa bansang Hapon.

Ikinatutuwa ni Gob. Edgardo A. Tallado ang ipinakikitang husay ng mga kasapi ng 4-H Club sa Camarines Norte na nasa ilalim ng pagsubaybay ni Agriculturist II Irene J. Olivar ng OPAg na tumatayong Provincial Farm Youth Devel-

*(Sundan sa pahina 3)*

# Elevado ...

*(Mula sa pahina 2)*

pakikiisa sa pamahalaang panlalawigan bilang kasalukuyang private sector representative sa Provincial Development Council. Kasapi din siya sa Provincial Peace and Order Council at umuupong kinatawan sa Regional Peace and Order Council. Dati ng PSR si Elevado sa RDC nitong natapos na termino.

Si Elevado, isang registered electrical engineer at kasalukuyang OIC ng ABS-CBN Daet ay aktibong kasapi at dating Pangulo ng Kiwanis Club of Daet na siyang nag-nomina sa kanya bilang PSR mula sa Camarines Norte. Naging aktibo siya sa iba pang samahan sa Camarines Norte tulad ng Tourism Development Council, Radio Amateurs Group, Alay Lakad Foundation, Pineapple Festival Development Foundation at iba pa.

Siya at si G. Edgardo E. Dasco, dating Sangguniang Panlalawigan Member, ang tanging kwalipikadong nominado bilang PSR ng Camarines Norte kaya awtomatikong silang dalawa ang kinatawan sa 2 puwestong laan para sa Camarines Norte. Si G. Dasco ay nominado naman ng samahang kanyang kinabibilangan, ang Miners Association of the Philippines.

Samantala, ang 2010-2013 RDC Chairman na si Gob. Joey S. Salceda ng Albay ay muling uupo bilang 2013-2016 RDC Chairman. Siya lamang ang tanging nominado mula sa government sector kaya awtomatikong maluluklok bilang Chairman. Nominado si Naga City Mayor John Bongat kahit liban sa RDC meeting ngunit pinagtibay ng RDC na hindi kwalipikado mai-nomina ang sinumang nakalibang opisyal.

Ang RDC ay isang konseho sa bawat rehiyon na binubuo ng mga punong lalawigan, regional directors, punong bayan ng mga siyudad at capital town ng probinsiya; pangulo ng provincial league of governor, at private sector representative na 2 mula sa bawat lalawigan . Ilan sa mahalagang gawain nito ay ang pagbuo ng regional development plan at pagsuri sa mga pangunahing proyektong i-iendorso sa pamahalaang nasyonal para mapondohan at maisagawa. JACALIMLIM/ LORENA DELA TORRE -IBASCO

# Daet Airport ...

*(Mula sa pahina 1)*

Ang rehabilitasyon at upgrading ng Daet Airport ay isa sa proyektong nakapaloob sa Executive Agenda ni Gob. A. Tallado sa kanyang kasalukuyang termino. ***JACalimlim***

# Malaking kita sa Lapu-Lapu, inaasahan

Humigit-kumulang sa 320 piraso ng magandang uri ng lapu-lapu na may timbang na kalahating kilo o higit pa ang bawat isa at nagkakahalaga ng P400-P500 ang bawat kilo ang target na maani ng Samahan ng Mangingisda ng Sitio Tabadyak (SMST) ng Barangay San Pedro, Jose Panganiban sa pagpasok ng Enero 2014 mula sa may 550 semilya ng lapu-lapu na tinanggap nito mula sa pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte bilang tulong pang-kabuhayan.

Tutulong ang Office of the Provincial Agriculturist-Fisheries Development Division (OPAg-FDD) na pinamumunuan ni Supervising Agriculturist Edgar Estanislao sa pagbebenta ng maaaning lapu-lapu at patuloy silang bibigyan ng tulong-teknikal para matiyak ang kanilang tuloy-tuloy na masaganang ani at malaking kita.

Sa may 20 miyembro ng nasabing samahan ng mangingisda, 10 miyembro muna nito ang siyang mangangasiwa sa pagaalaga ng istak ng mga lapu-lapu sa loob ng 6-8 buwan sa ilalim ng technical assistance nina G. Danilo Guevarra at Agriculturist II Renato Magana ng OPAg-FDD.

Ang nagastos ng OPAG-FDD sa pagbili ng semilya at pakain sa mga isda ang tanging ibabawas mula sa kikitain ng SMST sa pagbenta ng lapu-lapu sa Disyembre ngayong taon at ang naitayong hawlang lambat ay libre nang ibibigay sa samahan para magamit sa pagpapatuloy ng kanilang proyektong pangkabuhayan. Paghahatian naman ng 10 miyembro ng samahan na siyang nag-alaga sa mga lapu-lapu ang matitirang halaga matapos bawasin ang nasabing mga gastusin.

Para mabenepisyuhan ang lahat ng miyembro ng SMST, ang 10 naman nitong miyembro ang siyang magpapalaki .

Ang bagong istak ng lapu-lapu na bibilhin ng kanilang samahang Lapu-Lapu Culture Project sa Brgy. San Jose, Jose Panganiban ay bilang tugon ng Punong Lalawigan Edgardo A. Tallado sa naunang kahilingan ng samahan na maipatupad ang proyekto sa kanilang lugar para magkaroon sila ng karagdagang




pagkakakitaan at makatulong sa pagpataas sa produksyon ng isda at pagtiyak sa food security. Pinunduhan ito sa ilalim ng 5% Local Risk Reduction Management Fund (LRRMF) ng pamahalaang panlalawigan.

Ayon kay G. Guevarra ng OPAg-FDD na maliban sa may 550 semilya ng lapu-lapu, sinagot din ng pamahalaang panlalawigan ang gastusin ng mga materyales sa konstruksyon ng bamboo cage frames, netting materials, feeds at iba pang suplay at materyales. LORENA DELA TORRE-IBASCO

# SistemangPalay Check pinalalawak sa CamNorte

Ang Department of Agriculture Regional Field Unit 5 (DA RFU5) ay nagtalaga ng 30 sites ng Farmer Field School (FFS) on Palay-Check System para sa Camarines Norte na paghahatian ng 12 bayan sa pamamagitan ng mga kaukulang Municipal Agricultural Offices (MAOs).

Sa ilalim ng programa, magtatayo ng kalahating ektaryang palayan bilang learning field at participatory demonstration area ng may 25-30 magsasaka bilang cooperators/ beneficiaries.

Ang PalayCheck ay pinasama-samang pamamaraan ng pamamahala ng palay para tumaas ang ani at hindi lamang simpleng paglalagay ng tsek o ekis sa mga key checks.

Sakop nito ang mga pangunahing yugto ng pamamahala ng palay tulad ng: 1) pagpili ng de-kalidad na binhi; 2) paghahanda ng lupa; pagtatanim; 4) pamamahala ng sustansiya; 5) pamamahala ng tubig; 6) pamamahala ng peste, at 7) pamamahala ng ani.

Sasagutin dito ng DA RFU5 ang gastusin para sa training supplies, materials/inputs gaya ng palay seeds at fertilezers pati na training service fee ng mga agricultural technician (AT) facilitators.

Ang FFS on Palay Check System ngayong cropping season ay isasagawa kalahating araw sa bawat linggo (half day per week). Sinimulan ito noong Setyembre 16, 2013 at magtatapos sa Marso 15, 2014

Layunin ng programa na maisalin sa mga magsasaka ang makabagong rice production technology partikular na ang pagtatanim ng mga bagong barayti ng palay na kayang mabuhay sa tuyot, lubog sa tubig/ bahain at maalat-alat na lugar.

Isinusulong ng DA ang PalayCheck para maitaas ang ani at kita ng mga magsasaka at maseguro ang rice self sufficiency ng bansa at makamit ang food security target nito. Mahalagang maintindihan ng mga magsasaka kung bakit ang key check/s ay nakamit o hindi nila nakamit. LORENA DELA TORRE-IBASCO

# 1,545 punong pantanim naipamahagi
## ng PGCN-ENRO sa loob lamang ng 1 Linggo

Sa ilalim ng *Provincial Forestry Seedling Production Project (PFSPP) ng* Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte, 1,545 ng semilyang pantanim na mga punungkahoy ang naipamahagi ng *PG-PENRO* simula noong Agosto 22-30, 2013 bilang tugon sa kahilingan ng 2 barangay at 5 indibidwal.



*Ang mga forestry seedlings ay inaalagaan sa provincial nursery at regular ang pamamahagi ng mga ito para sa patuloy na pagsusulong ng Reforestation Program ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.*

Mula sa nasabing kabuuang bilang, 515 na ibat-ibang punong pantanim ang ginamit para sa *tree planting activities* sa Purok 6, Brgy. Bulalacao, Luklukan Sur, Jose Panganiban. Ang mga *forestry seedling* na ito ay binubuo ng 150 Camagong; 100 Catmon; 150 Narra; 50 Dancalan; 15 Pulawan Cherry, at 50 Banocboc. Mula sa isang resolusyon kahilingan ng barangay sa pamamagitan ni Punong Barangay Rizaldy Y. De Viana, positibong itong tinugunan ni Gob. Edgardo A. Tallado. Natanggap naman ng Purok 3, Brgy. Tulay na Lupa, Labo ang tig-li-50 pirasong pantanim na Mahogany; Narra; Catmon, at Camagong sa pamamagitan ng kahilingan ni G. Diego Temploneuvo.

Umabot naman sa 830 *forestry seedlings* ang naipamigay sa indibidwal para sa kanilang pribadong taniman. Ang 780 ay puro mahogany seedlings: 180 ang ipinagkaloob kay Jose de Vera Jr. ng Purok 2, Matnog, Basud; 300 kay Henry Dayaon, Brgy. Camambugan, Daet; 150 kay Fernando Vivas ng Magsaysay, Capalonga at 150 mahogany at dagdag pang 50 Camagong forestry seedlings kay Gina B. Raules, Brgy. Bulhao, Labo.

Ang patuloy na implementasyon ng *PFSPP* sa lalawigan ay bilang suporta ng pamahalaang panlalawigan sa *National Greening Program (NGP)* ng pamahalaang nasyonal na ipinatutupad sa bisa ng *Executive Order No. 26* na ipinalabas ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III noon pang Pebrero 24, 2011. Layunin ng NGP na makapagtanim ng 1.5 bilyong punungkahoy sa 1.5 milyong ektaryang lupain sa iba't-ibang panig ng bansa simula taong 2011 hanggang 2016.

Sa ilalim pa rin ng *PG-PENRO o Provincial Government Provincial Environment and Natural Resources Office*, patuloy ang pagsasagawa nito ng *field verification* para matukoy kung sinong indibidwal at/o anong grupo/samahan na nabigyan ng mga pananim ang karapat-dapat mabigyan ng parangal at pabuya dahil sa pinakamahusay nilang *planting practices*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jingcalimlim***

# Awit ng pag-asa...

*(Mula sa pahina 6)*

Matatandaan na ang TCMP na ipinatutupad ng CNPJ na pinamumunuan ni Acting Provincial Warden Reynaldo N. Pajarillo ay pinasimulan noong taong 2010 sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Edgardo A. Tallado kung saan humigit-kumulang sa 30 detenido ang unang sumailalim sa programa. Ang mga modules na ginagamit sa mga TC sessions tuwing Lunes at Biyernes ng umaga na ginagawa sa visiting hall ng CNPJ ay mula sa Parole and Probation Office (PPO) Camarines Norte.

Ang CNPJ ay nag-iimbita ng mga tagapagsalita (speakers) mula sa Department of Education (DepEd), religious groups, local government units (LGUs), provincial government offices, at iba pang pribadong indibidwal at grupo man para mas epektibong maisaisip, maisapuso at maisabuhay ng mga bilanggo ang mga aral ng buhay sa bawat paksang tinatalakay.

Kaugnay nito, muling ipinaaabot ng CNPJ ang lubos na pasasalamat nito sa mga indibidwal at tanggapan na patuloy na sumusuporta sa TCMP. ARIES N. BALBAS, CNPJ/LDTI/ JAC



**CALAGUAS ISLANDS**— Unang napabilang sa 25 emerging tourist destinations sa Pilipinas at ngayon ay siguradong pasok na sa Top 10 Philippines Gems via online voting.

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 4, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# CALAGUAS ISLAND
## nangunguna sa 10 Philippine Gems

Hanggang sa pagsasara ng on-line voting noong Setyembre 24, nangunguna pa rin ang Calaguas Island sa Search for Top 10 Philippine Gems na pipiliin mula sa 25 emerging tourist destinations sa bansa batay sa dami ng botong makukuha.

Masigasig ang isinagawang kampanya ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Tourism Operations Division. Nilathala nila ito sa Come to CamNorte Facebook at naglibot sila sa mga paaralan upang mangampanya sa pagboto.

Nakatuwang din ang Provincial Information and Community Affairs Office sa pamamagitan ng paglalathala nito sa Camarines Norte website at mga anunsiyo sa mga himpilan ng radyo.

Maging si Gob. Edgardo A. Tallado, sa pamamagitan ng Radyo ng Bayan ay naghikayat sa mga taga-CamNorteño na bumoto. Ayon pa sa kanya, magiging malaki ang epekto nito sa turismo at ekonomiya ng Camarines Norte.

Ang Calaguas Island sa bayan ng Vinzons, Camarines Norte ay dinadayo dahil sa malinis nitong dagat, pino at maputing buhangin. Wala pang mga pasilidad dito tulad ng hotel ngunit taglay nito ang naturalesang gandang hatid ng kalikasan na nagdudulot ng tunay at hindi artipisyal na kasiyahan.

Ang Search for 10 Philippine Gems ay itinataguyod ng Isla Lipana and Co. bilang suporta sa Department of Tourism na makamit ang target nitong pagdagsa ng 10 milyong turista sa ating bansa sa 2015. Mula sa listahan ng napiling 175 "tourist destinations, pumili ng 25 emerging tourist spots na kinabibilangan ng Apo Island, Apo Reef Natural Park, Batanes Island, Biri Island Rock Formation, Bucas Grande Island, Busuanga and Coron Palawan, Camiguin Island, Camotes Island, Caramoan Island, Danjuan Island, Donsol, Kapurpurawan Rock Formation at Lake Sebu, Mt.Pulag, Mt. Kanlaon, Mt. Pinatubo, Pagudpud, Panglao Island at Sagada. **Jing A. Calimlim**

# Pili pagkakakitaan ng malaki, pagtatanim hinihikayat

Hinihikayat ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist (OPAg) ang pagtatanim ng pili dahil sa malaking pangkabuhayang potensyal nito kung kaya nagsagawa ng isang inception meeting o paglalatag ng mga pundasyon ukol sa pagpaparami ng produksyon ng pili sa lalawigan.

Samantala, ang pamahalaang panlalawigan ay mayroong 82.0 ektaryang lupain sa Calasgasan Farm na ginagamit para sa techno demo plantation nito ng grafted pili, ayon kay Engr. Harold Gestiada, Pili Product Development Coordinator ng OPAg.

Ayon kay Florena Samiano sa Department of Science and Technology-Forest Product Research and Development Institute (DOST-FPRDI), ang komposisyon ng pili nuts ay 68% pulp, 25% shell at 7% kernel.

Ang pulp umano na pinakamalaking bahagi nito ay maraming produktong pwedeng magawa katulad ng snack foods, candies, pastries, side dishes tulad ng pili express at pili okoy, at pwede ring gawing pili ketchup at pili sauces. Ang pili shell naman ay ginagawang charcoal briquettes, accessories, dekorasyon sa bahay at souvenir items habang ang pili resin ay magagamit bilang pili resin tapping at resin oil.

Tinalakay din sa mga pili growers at processors ng pili ang kahalagahan ng imbentaryo o bilang ng puno ng pili sa kasalukuyan na ayon sa ilang tala, noong taong 2010 ay 666.0 ektarya pa ang maaring magamit para pagtaniman ng pili.

Pinag-usapan din ang pagluluto ng mga pagkain at iba pang produkto gamit ang pili; kung paano mapapaganda at mapapahusay ang product packaging at labeling na nakakaakit sa mga mamimili, ang potensyal na magkaroon ng market outlets sa loob at sa labas man ng bansa, at matasa ang kahalagahan ng proyekto sa komunidad bilang karagdagang mapagkukunan ng kabuhayan at ang pagtiyak na tuluy-tuloy na suplay ng pili sa merkado.

Pinangunahan ng DOST at OPAg ang makahulugang pagpupulong na dinaluhan ng mga pili growers at processors mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan, ng mga kinatawan mula sa Camarines Norte Pili Growers Asso-ciation, mula rin sa Provincial Offices ng Department of Environment and Natural Resources at Department of Trade and Industry. MELINDA L. JEREZ/ lorena dt ibasco/ jcalimlim







MAKINARYA SA PAGKUHA NG LANGIS NG PILI– Ang demonstrasyon ng paggamit ng makinarya sa oil extraction ng pili ay isinagawa ng Department of Science and Technology-Forest Product Research and Development Institute sa mga pili growers at processors noong Oktubre 16, 2013.